# TANIM LESSONS




"Ang mga BINHING naihasik sa matabang lupa ay ang nakikinig ng salita at nauunawaan ito."
- Mateo 13:23

ALPHA OMEGA LEADERSHIP INSTITUTE (AOLI)

facebook.com/CAOCMI
caocminational@gmail.com
(+3646) 412 2450

CAOCMI AOLI

*Inihahandog ng* ***Church of Alpha Omega Christian Ministries, Inc. CAOCMI,***
*ng* ***Alpha Omega Leadership Institute AOLI,***
*at ng* ***Training & Dev't Ministry*** *ang Regalong Ito*

*Para Kay:*______________________________

| MGA BINHI | PETSA: | PIRMA: |
|---|---|---|
| *Binhi 1: Kaligtasan* | __________ | __________ |
| *Binhi 2: Pagsisisi* | __________ | __________ |
| *Binhi 3: Pagiging Panginoon* | __________ | __________ |
| *Binhi 4: Pagpapatawad* | __________ | __________ |
| *Binhi 5: Lifestyle* | __________ | __________ |
| *Binhi 6: Devotional Life* | __________ | __________ |
| *Binhi 7: Pananalangin* | __________ | __________ |
| *Binhi 8: Pagpapatotoo* | __________ | __________ |
| *Binhi 9: Pagsunod* | __________ | __________ |
| *Binhi 10: Ang Simbahan* | __________ | __________ |

# PANIMULA

*Congrats!* Masaya kami para sa iyo! Ngayon ay magsisimula ka na ng isang napakagandang pakikipag-ugnayan kay Jesus. Alam mo bang matagal ka na Nyang hinihintay? At sa wakas ay nahanap ka na Nya! Salamat rin sa kaibigan mo na naging daan upang magkatagpo kayo!

Kung iyong matatandaan ay tinanggap mo si Jesus bilang iyong Diyos at sariling Tagapagligtas. Dahil dyan ay tutulungan ka namin upang mas lumago sa iyong pananampalataya sa Kanya at maintindihan ang marami pang mga Ispiritwal na bagay na kanyang inihanda para sa iyo upang iyong matanggap.

8 **Ngunit pinatunayan ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo'y makasalanan pa**. 9 Yamang sa pamamagitan ng kanyang dugo, tayo ngayon ay napawalang-sala, lalong tiyak na maliligtas tayo sa poot ng Diyos. 10 Dati, tayo'y mga kaaway ng Diyos, ngunit tinanggap na niya tayo bilang mga kaibigan sa pamamagitan ng pagkamatay ng kanyang Anak. At dahil dito, tiyak na maliligtas tayo sapagkat si Cristo ay buháy. Romans 5:8-10



Sumagot si Jesus, "Ang naghahasik ng **mabubuting binhi** ay ang Anak ng Tao. Mateo 13:37

Sa mga susunod na lessons, ariin mo na ang mga katotohanang iyong matatagpuan ay hindi lamang mga butil ng kaalaman ngunit mga binhing matatanim sa iyong puso upang sumibol, lumago, at bumunga ng mga mabubuting bagay para kay Jesu-Cristo. Kung handa ka na, samahan mo ako sa isang munting panalangin.

*"Jesus, salamat sa napakabuting biyayang ibinigay Mo sa akin. Ito ay ang Iyong banal na dugong nagliligtas, nagpapatawad, naglilinis, nagpapagiging banal, at higit sa lahat ay nagbabago ng buhay. Patuloy po Ninyo akong gabayan sa mga sumusunod na aralin. Buksan po Ninyo ang aking puso, isipan, at kaluluwa upang ang mga binhing ito ay sumibol, lumago at magbunga sa aking buhay. Sa pangalan ni Jesus, Amen!"*





## BINHI 1: KALIGTASAN

Alam mo ba na ang gospel o ebanghelyo ay tinatawag na ang Mabuting Balita? At ang Mabuting Balita ay ang mensahe ng KALIGTASAN. Ito ang pinakamatinding manipestasyon ng pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, sa iyo at sa akin. Ito ay ang biyayang gawa ng Diyos na nagdadala ng kaligtasan at kalayaan sa tao sa pamamagitan ng kapangyarihan ng dugo ng Panginoong Jesus sa krus.

### ENGAGE:



1. Tingnan ang larawan, ano sa tingin mo ang nangyayari sa larawang ito?
   ______________________________
2. Ano ang gagawin mo sa kanya? Ano ang maaring mangyari sa kanya kung wala kang gagawin?
   ___________________________________
3. Paano kung ang nalulunod na ito ay ang iyong kaaway na nagkasala sa iyo nang lubha? Ililigtas mo pa rin ba sya?
   _________________________________________________________

### ENLIGHTEN:

1. **Kailangan Ba Natin ng Kaligtasan?**
   a. Mga Taga-Roma 6:23 - Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang libreng kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.
   b. Ayon sa Mga Taga-Roma 3:23 (Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng

Diyos), tayong lahat ay nagkasala laban sa Diyos, sa makatuwid ay naging kaaway Niya tayo. Dahil dito, karapatdapat lamang sa atin ang mamatay – pisikal at ispiritwal. Ang pisikal na kamatayan ay nararanasan nating kamatayan dito sa lupa at ang ispiritwal na kamatayan ay ang habang buhay na pagkawalay sa Diyos.

c. Ngunit mahal na mahal tayo ng Diyos. Mahal na mahal ka Niya! Pipiliin at pipiliin ka Nya araw-araw at walang makapagbabago nun. Ito ang tinatawag na pag-ibig na walang kondisyon.

d. Sa pamamagitan ng pag-ibig na ito tayo ay iniligtas ka Niya mula sa tiyak na kapahamakan.


**2. Paano Niya Tayo Iniligtas?**



a. Alam mo ba nuong ikaw ay makasalanan pa, ang buhay mo ay nakasangla kay Satanas. Ang kaluluwa mo ay pagmamay-ari nya, alipin ka niya. Ang mga ginagawa mo ay naayon sa kagustuhan ng kaaway (John 8:34).

b. Ngunit hindi ito ang kalooban ng Diyos (2 Peter 3:9). Gusto ka Niyang makapiling sa langit habangbuhay. Kaya kailangan Niyang gumawa ng paraan.

c. Sinasabi sa kasulatan na upang makalaya ang nakasangla, kinakailangang may tumubos. Ayon din sa batas, ang katumbas ng buhay ay dapat din buhay, dugo para sa dugo. Ito ang dahilan kung bakit nag-aalay ng mga patay na hayop ang mga sinaunang Israelita upang takpan ang kanilang mga kasalanan. Dahil kung walang pagdanak ng dugo ay walang kapatawaran (Hebrews 9:22).



d. Wala tayong kakayanan upang iligtas ang ating sarili. Ang pinakadakila at pinakamainam na dugo na makatutubos ng lahat ng kasalanan ng tao mula noon, sa kalukuyan, at sa mga susunod na henerasyon pa ay ang dalisay at walang bahid na dugo ng isang Diyos (Hebrews 10:1-18).

e. Inialay ni Jesus ang kanyang dugo sa krus ng kalbaryo upang iligtas tayo; upang palayain tayo, upang patawarin tayo, upang hindi tayo habang buhay na mawalay sa Diyos (ispiritwal na kamatayan). Kamatayan para sa iyong kamatayan. (Hebrews 10:1-18).

**3. Paano tayo Maliligtas?**

a. Sa pamamagitan ng pagtanggap at pananampalataya kay Jesu-Cristo bilang ating Diyos at Tagapagligtas.

b. Diyos Siya ng buhay natin kung Siya ang ating sinusunod. (Romans 6:22)

c. Tagapaglitas Siya kung naniniwala tayo sa pagliligtas na ginawa Niya duon sa krus ng kalbaryo.

**ENACT:**

1. Sa iyong palagay, nararapat ka bang maligtas at mapunta sa langit? Bakit?

___________________________________________________________

PRAYER:

*Lord, tinatanggap ko po ang inyong regalong kaligtasan. Inaamin ko na ako ay isang makasalanan at nangangailangan ng Tagapagligtas. Naniniwala po ako na si Jesus lamang ang kaisa-isang daan at ang kanyang banal na dugo ang maglilinis sa akin at magbibigay ng kalayaan at kapatawaran mula sa aking mga kasalanan, sumpa, at mga gawa ng karimlan. Inaamin ko ang aking mga kasalanan at tinatalikuran ko ang aking mga maling gawi. Humihingi po ako sa Inyo ng kapatawaran. Kayo na po ang manguna sa aking buhay magpakailanman. Sa Pangalan ni Jesus, Amen!*

## BINHI 2: PAGSISISI

Ang PAGSISISI ay mula sa salitang Griyego na "*Metanoia*". Ang ibig sabihin ng *meta*- ay "pagbabago" at ang *–noia* naman ay "kaisipinan". Ang pagsisisi ay pagbabago ng kaisipan. Ito ay ang pagkakaroon ng kaunawaan na ikaw ay makasalanan at nasaktan mo ang Panginoong Diyos. Dahil dito, gusto mong magbago. Lahat ng pagbabago ay nagsisimula sa kaisipan. Isang desisyon na iyong ginagawa sa iyong isipan at sinusundan ng pagtalikod sa lahat ng iyong mga kasalanan.

### ENGAGE:



Noong unang panahon, ang mga Israelita ay nagsusuot ng sako at naglalagay ng abo sa ulo kapag sila ay nagsisisi. Sa iyong palagay, bakit kaya nila ginagawa ito? Ano ang isang mahalagang sangkap na kailangan sa pagsisisi? Bakit?

_______________________________________________________________
______________________________________________________________.

### ENGLIGHTEN:

1. **Pagkaalam ng Mabuti at Masama**
    a. Dahil ang pagsisisi ay nagsisimula sa isipan, ito ay hindi posible kung walang pagkaalam ng tama at mali, mabuti at masama, ng isang tao.
    b. Hindi mo kailangang maging isang pantas o mangangaral upang maintindihan at maunawaan ang pinagkaiba ng tama at mali. Sinabi ng Panginoon sa kanyang salita na ilalagay Ko ang Aking mga Kautusan sa kanilang mga puso (Jeremiah 31:33, Hebrews 10:16).
    c. Ito ang dahilan kung bakit hindi mabuti ang ating nararamdaman sa tuwing tayo ay may hindi magandang nagagawa laban sa ating kapwa.
    d. At ang paggawa nang di naayon sa kagustuhan at inuutos ng Diyos ay kasalanan.
2. **Pagkaunawa ng Iyong Kasalanan**
    a. Ang totoong nagsisisi ay taong nakauunawa na ang kanyang ginawa ay mali, isang kasalanan. Nasasaktan ang Diyos sa tuwing tayo ay nagkakasala.
    b. Hindi ba't nakalulungkot ang mga taong humihingi ng kapatawaran ngunit hindi naman bukal sa kanilang kalooban? Ito ay ang kawalan ng pagsisisi; kawalan ng pagkaunawa na sila ay mali, may pagkakamali, o maaaring gumawa ng mali.
    c. Lahat tayo ay makasalanan. Wala ni isa sa atin ang matuwid.(Romans 3:23). Ngunit gayun pa man, alam mo bang ginagamit ng Diyos ang mga kaganapang ito sa buhay natin upang higit na mapalapit tayo sa Kaniya? (John 6:44,45; 14:6; Romans 8:28,29)
    d. Tulad ng pagbalik ng alibughang anak sa kanyang ama, siya ay natauhan dahil naunawaan niya ang bigat ng kanyang kasalanan.
3. **Pag-amin ng Kasalanan**
    a. Ang confession o pag-amin ng kasalanan ay napakahalagang parte ng pagsisisi.
    b. Mapatatawad at makalalaya ka lamang sa mga kasalanang iyong aaminin.
    c. Nangangailangan ito ng <u>kababaang loob</u> dahil sa pagsisisi, humihingi ka ng <u>awa</u> mula sa Diyos. Huwag mong hayaan na ang *pride* ang makapigil sa iyo.
    d. Kung nahihirapan kang aminin ang iyong kasalanan sa Panginoon, huwag kang mag-alala dahil sinabi niya sa kanyang

salita, Ang kabutihan ng Diyos ang umaakay sa atin sa pagsisisi (Romans 2:4). Mabuti ang Diyos!

   e. Your secret is safe with Him! Kung kailangan mong sa pagitan lamang Ninyong dalawa ng Diyos ang aaminin mong kasalanan, walang problema. Hindi ka Niya sisisihin, hindi ka Niya huhusgahan. Kahit kailanman ay hindi magbabago ang pagtingin ng Panginoon sa iyo. Mahal na mahal ka pa rin Niya at gustong-gusto ka Nyang patawarin (1 Peter 1:9).

4. **Pagtanggap ng Iyong Kapatawaran**
   a. At sa iyong pagsisisi, hindi ito makukumpleto kung walang pagtanggap ng kapatawaran ng Panginoon (1 John 1:9)
   b. Tanggapin mo ang Kanyang kapatawaran at simulan na ang pagbabago sa iyong buhay!

**ENACT:**

1. Gumawa ng listahan ng iyong mga kasalanan. Maaaring hayag o hindi hayag.
2. Isuko mo sa Panginoon ang iyong mga kasalanan at magsisi ka. Humingi ka ng kapatawaran sa lahat ng mga ito at tanggapin mo ang kapatawaran na Kanyang ibibigay. Iwaksi mo lahat ng kasalanan at sumpa sa Pangalan ni Jesus.

PRAYER:

*Lord, naniniwala po ako na Kayo po ay matuwid at ako po ay nagkasala. Nagsisisi po ako sa lahat ng kasalanang aking nagawa. Sa pamamagitan ng iyong kabutihan at pag-ibig, ako po ay nagsisisi at nagbabago ng aking buhay. Isasabuhay ko po ang katotohanan mula sa Iyong mga salitang nasa Bibliya. Sa Pangalan ni Jesus, Amen!*





## BINHI 3: PAGIGING PANGINOON

Karaniwan sa nagiging problema ng mga bagong tanggap kay Jesus ay ang pagkilala sa Kanya bilang Panginoon. Mas madali kasi na tanggaping Tagapagligtas si Jesus – "madaling lunukin", ika nga. Ang mababaw na pagkaunawa sa pagiging Panginoon ni Jesu-Cristo ang dahilan ng problemang ito. Nabuhay rin tayo na may likong pananaw tungkol sa mga alipin/lingkod/tagasunod. Paano nga ba maging Panginoon si Jesus at maging tagapaglingkod Niya?

**ENGAGE:**

Pangkatin ang nasa kahon. Piliin ang mga salitang naaangkop sa bawat hanay – "Panginoon" o "Lingkod"?

| | | |
|---|---|---|
| Taga-taguyod | Matapat | Protektor |
| Pinuno | Masunurin | Malugod |

| PANGINOON o *Master* | LINGKOD o *Servant* |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

**ENLIGHTEN:**

1. **Ano ang Ibig Sabihin ng Pagiging Panginoon ni Jesus?**
   a. Si Jesus ang <u>nasusunod</u>. Siya ang sinusunod natin. Ngunit hindi ibig sabihin nito na hindi Niya isinasaalang-alang ang kakayanan nating gumawa ng sariling desisyon. Kaya nga mayroon tayong *free will*. Kung walang *free will*, walang pag-ibig. Ang pagsunod kay Jesus ay pagpapakita rin natin ng ating pag-ibig sa Kanya (John 14:15).

b. Si Jesus ang *ruler/master* ng bawat aspeto ng buhay natin. Hindi Siya Panginoon ng isang parte lang, dapat ay sa lahat: isipan, emosyon, sekswalidad, pananalapi, pamilya, trabaho, lahat!
c. Si Jesus ay *Sovereign* o ang Pinakamakapangyarihang Puno. May mga bagay na wala sa ating Kontrol at pinauubaya natin sa Kaniya. Nananampalataya tayo na Siya ang bahala sa atin dahil Siya ang nakaaalam ng lahat – *omniscient/ all-knowing*.

**2. Ano Para sa Atin ang Pagiging Panginoon ni Jesus?**

a. Tagapanustos o Provider. Kung si Jesus ang ating Panginoon, ibibigay Niya ang lahat ng ating pangangailangan, hindi Niya tayo pagkukulangin (Philippians 4:19). Hindi Niya tayo pababayaan ni iiwan man (Hebrews 13:5).
b. Protektor. Kung si Jesus ang ating Panginoon, poprotektahan Niya tayo, iaadya sa lahat ng masama. Siya ay tapat, bibigyan Niya tayo ng pamamaraan upang malampasan lahat ng pagsubok (1 Corinthians 10:13).
c. Palaging Nakasaklolo. Kung Si Jesus ang ating Panginoon, hindi na kailangang mag-alala, o matakot man dahil palagi Niya tayong tutulungan (Isaiah 41:10).
d. Tagatuwid. Kung si Jesus ang ating Panginoon, itutuwid Niya tayo. Kailangan ang disiplina sa pagsasanay upang maging matuwid. Ngunit kailanman ay hindi ginugusto ng Panginoon na tayo ay pahirapan o palungkutin man (Lamentations 3:31-33). Ginagawa lang Niya ang pagtutuwid dahil tayo ay Kanyang iniibig (Hebrews 12:6). Ayaw Niya tayong mapahamak.

**3. Ano ang Kailangang Gawin upang si Jesus ang Maging Panginoon Natin?**

a. Ganap na Pagsuko. Ang pagsuko kay Jesus ay pagbibigay sa Kanya ng ating buong pagtitiwala or *total dependence*. Imposible ito kung hindi ka lubusang MAGTITIWALA sa Kanya. Sabi nga sa Kawikaan 3:5-6, magtiwala ka nang buong puso sa Panginoon at huwag kang manalig sa iyong SARILING KARUNUNGAN. Alalahanin mo ang Panginoon sa lahat ng iyong ginagawa at ituturo Niya sa iyo ang tamang landas.



b. Pagkilala sa Kanyang Pagmamay-ari. Hindi natin pagmamay-ari ang ating mga sarili (Jeremiah 10:23) sapagkat tayo ay Kanya nang tinubos sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo, isang halagang kahit sino o ano man ay walang makatutumbas (1 Corinthians 6:19-20). Tayo ay Kanya nang pagmamay-ari at isinusuko na natin ang ating mga personal na karapatan.
c. Pagsunod. Ito ang isa sa mga mahihirap panatilihin sa ating buhay Kristyano sapagkat natural tayong makasalanan. Magkakasala at magkakasala tayo. Gayun pa man, sinisikap nating sumunod sa nais ng Diyos. Sabi nga sa Kawikaan, ang banal na takot sa Panginoon ay ang simula ng karunungan (pagkaalam ng mali at tama). Ang BANAL NA TAKOT sa Panginoon din ang magdudulot sa atin upang kamuhian ang kasamaan at gustuhin ang kabutihan.
d. Paglilingkod o Pagsamba. Salungat sa matatandang paniniwala, inaakala ng marami na ang paglilingkod kay Jesus ay sa pamamagitan lamang ng mga ministeryo sa loob ng simbahan (Preaching, Teaching, Music, Intercession, etc.). Nagkakamali tayo! Sabi sa Colossians 3:23, KAHIT ANO raw ang ginagawa natin, gawin daw natin nang buong puso at kaluluwa bilang paglilingkod natin sa Panginoon at hindi sa tao. Samakatuwid, maaari tayong maglingkod sa Diyos sa pamamagitan ng pagiging mahusay na mag-aaral, tapat na impleyado, may integridad na pinuno, mabuting magulang, o masunuring anak.

**ENACT:**

1. Hanapin ang kahulugan ng salitang: PAGSAMBA SA DIYOS-DIYOSAN o IDOLATRY. Katulong ang iyong cell leader, ilista ang mga bagay na nagiging diyos-diyosan natin kapalit ng Pagiging Panginoon ni Jesu-Cristo sa ating buhay: ________________________________________
   __________________________________________________________
2. Basahin ang Matthew 6:24. Ayon kay Jesus, ano ang karaniwang nagiging kakompetensya ng Diyos bilang Panginoon ng iyong buhay? Bakit? ____________________________________________________
   __________________________________________________________

PRAYER:

*Panginoon, salamat po sapagkat ninanais po Ninyong makamtan ko ang lahat ng mainam. Hindi Ninyo lamang po ako tinawag bilang anak, iniibig din po Ninyong maging Panginoon ng aking buhay. Nangangako po akong susundin Ka at hinahayaan po Kitang magtakda ng kaayusan sa lahat ng parte ng aking buhay. Bigyan po Ninyo ako ng pagnanasa at katiyagaang maging alagad/ tagapaglingkod po Ninyo upang hindi sumuko kahit ano man ang mangyari. Sa Pangalan ni Jesus, Amen!*




## BINHI 4: PAGPAPATAWAD

Isa sa mga mahirap gawin ay ang PAGPAPATAWAD. Ika nga nila, mas madali itong sabihin. Kahit ang mga disipulo ni Jesus ay nahirapang gawin ito nang itinuro Niya sa kanila ang UTOS ng pagpapatawad. Ika nga nila: "Panginoon, dagdagan po Ninyo ang aming pananampalataya!" (Luke 17: 5) Kung nahihirapan ka, huwag mag-alala. Hayaan mong gabayan ka ng binhing ito. Palalayain ka ng Diyos mula sa mga sakit, galit, at poot ng iyong nakaraan upang magawa mo ang Kalooban ng Lord sa iyong buhay.

**ENGAGE:**

***SKANDALON***




Ang PAGKAKASALA o OFFENSE ay mula sa Griyegong salitang *"Skandalon"* na ang ibig sabihin ay BITAG. Ayon sa Luke 17:1, sa mundo raw na ito ay imposible ang hindi masaktan. May magkakasala at magkakasala sa iyo. May makapananakit sa iyo, at ikaw rin ay maaaring makapanakit.

1. Sa iyong palagay, ano ang mangyayari sa unggoy na nakasunggab sa bitag (saging)?_______________________________________________
2. Paano kaya makaliligtas mula dito? ___________________________
3. Bakit inihalintulad ang pagkakasala ng ibang tao sa iyo bilang isang bitag, bitag ni Satanas? _______________________________________

**ENLIGHTEN:**

4. **Ako! Nasasaktan? Hindi ah!**
   a. Na-experience mo na ba ang mga ito:
      i. Iniwan ka na ba? Tinalikuran? Ipinagpalit?

ii. Pinagsamantalahan ka na ba? Inabuso (berbal, Pisikal, emosyonal, sekswal)
iii. Pinahiya ka na ba? Siniraan? Pinagchismisan? Nilibak ang iyong pagkatao?
iv. Tinraydor ka na ba? May nangako na ba sa iyo ngunit hindi tinupad?

b. Kung ang lahat o ilan man sa mga nabanggit sa itaas ay naranasan mo, nasaktan ka na! Naririto ang mga palatandaan na ikaw ay <u>nakakapit pa rin</u> sa mga sakit at pighating naidulot sa iyo ng ibang tao:
   i. Mabigat ang puso, masakit ang damdamin, magulo ang isip.
   ii. Palagi kang naiinis, mainitin ang ulo, at di makausad.
   iii. Palagi kang galit kapag naaalala mo ginawa sa iyo o yung taong nakagawa sa iyo ng kasalanan
   iv. Higit sa lahat, hindi pa rin naibabalik ang relasyon ninyo sa dati. Hindi mo sya mapagkatiwalaan muli. Di na kayo sing "close" tulad ng dati.

**5. Ang Pagkakasala ng Ibang Tao Sa'yo ay Isang Bitag**




a. Tulad ng nasa larawan, kapag <u>pinanghahawakan</u> pa rin natin ang sakit ng pagkakasala ng ibang tao sa atin, tayo ay nabitag o nasilo na ng kaaway.

b. Dahil tayo ay nabihag, ginagawa natin ang mga kagustuhan ni Satanas. Napaglalaruan ni Satanas ang ating damdamin kapag patuloy tayong naiinis, nagagalit, at napopoot - humahantong ito sa pagkakasala. (2 Timothy 2:24-26)

c. Upang makawala sa Bitag ng kaaway, madali lang ang paraan. BITIWAN ang bitag.

d. Ang pagbitiw sa bitag ay tinatawag na PAGPAPATAWAD. Ito ang pagle-*let go* ng lahat ng sakit, poot, at galit na nararamdaman mo laban sa iyong kapwa.

e. Ang pagpapatawad ay hindi para sa nakasakit sa iyo. Ang pagpapatawad ay para sa iyo, para sa iyong KALAYAAN at kapayapaan. Ang buhay na walang pagpapatawad ay buhay na wasak.

f. *"To forgive is to set a prisoner free and discover that the prisoner was you."* – Lewis Smedes.

**6. Hindi Mo Alam ang Sakit na Aking Naranasan**!




a. *"Offense is the breeding ground for deception,"* – John Bevere.

b. Ang taong nasaktan o offended ay taong deceived o nalilinlang dahil palagi niyang iniisip na siya ang tama at naniniwala siyang siya ang naagrabyado at kinakailangan ng taong nakapanakit sa kanya na manikluhod at humingi ng tawad (Proverbs 18:19). Maaaring tama nga ngunit hindi ito ang itinuturo ni Jesus.

c. Sinabi ni Jesus: "Ama, patawarin mo sila, sapagkat di nila nalalaman ang kanilang ginagawa." (Luke 23:34). Hindi hinintay ni Jesus na maintindihan natin ang ating kasalanan bago Niya tayo pinatawad.

d. Kailangan nating magpatawad kahit hindi nagso-sorry ang ating kaaway.

e. Kung ikaw ay magpapatawad, hihilumin ng Panginoon ang iyong puso at patuloy ka Niyang bubuuin (Ezekiel 36:26) Magagawa mo na nang may kalayaan ang Kanyang kalooban sa iyong buhay.

## ENACT:

3. Gumawa ng listahan ng mga taong nagkasala sa iyo. Magsimula sa pinakamalalapit tulad ng iyong ama, ina, mga kapatid, mga kamag-anak, mga kaibigan, at iba pa.
4. Huwag mong kalimutang ilagay sa listahan ang iyong pangalan kung may ginawa kang hirap na hirap kang patawarin ang iyong sarili.
5. Kung minsan ay nagtampo ka sa Diyos dahil sa mga nangyayari sa iyong buhay. Kailangang bitiwan mo na ang poot na ito.
6. Isuko mo sa Panginoon ang lahat ng sakit, poot, galit, panghihinayang, at suklam na iyong nararamdaman para sa mga taong iyong isinulat sa listahan. Humingi ka ng lakas sa Panginoon upang mapatawad lahat ng nagkasala sa iyo. Tanggapin mo ang pagpapagaling ng Lord sa iyong puso. Malaya ka na!

PRAYER:

*Lord, maraming salamat po sa pagpapatawad sa aking mga kasalanan at ang pagbibigay ng pinakamabuting halimbawa ng pagpapatawad at pag-ibig nuong ikaw ay nabayubay sa krus ng kalbaryo. Humihingi po ako ng kalakasan at awa upang mapatawad lahat ng taong nagkasala sa akin. Binibitiwan at isinusuko ko na po lahat ng kapaitan, pagkamuhi, sama ng loob, mga pagtatalo. Pinahihintulot ko po na ang pag-ibig Mo at habag ang bumuo at pumuno sa aking puso. Sa pangalan ni Jesus, Amen!*





## BINHI 5: LIFESTYLE: ANG APAT NA PINAKADAKILANG PAGTITIPON

Ang tagumpay ay nakasalalay kung paano tayo namumuhay. Binibigyan natin ng oras ang mga bagay na pinahahalagahan natin. Dahil dito, sa pagpapatuloy mo sa iyong bagong tatag na relasyon sa Diyos, kakailanganin mo ng lakas, suporta, mga kaibigan, at encouragement. Isang bagay na kailangan mong maunawaan nang maaga ay hindi natin kayang gawin ang mga bagay nang mag-isa. Ipinagkaloob ng Diyos ang mga kakailanganin natin upang patuloy na lumago sa ating relasyon sa Kanya. Ito ay kinapapalooban ng "bagong pamumuhay" o "new lifestyle", na siyang kailangan ng bawat Kristiyano sa kanilang paglakad kasama ang Diyos upang patuloy na lumago.

## ENGAGE:



1. Kumuha ng isang pirasong tingting mula sa bungkos ng walis tingting at subukan itong putulin. Madali ba itong naputol? Bakit? ______________________________________
2. Kumuha muli ng walis tingting at sa pagkakataong ito, subukang baliin ang isang bungkos ng walis tingting. Madali ba itong nabali? Sa tingin mo ay bakit? ____________________

Ayon sa sinasabi ng Bible sa Ecclesiastes 4:12 Kung ang nag-iisa'y maaaring magtagumpay laban sa isa, lalo na ang dalawa. Ang lubid na may tatlong pilipit na hibla ay hindi agad malalagot. Ayon sa mga studies, ang SOCIAL ISOLATION ay malaki ang negatibong epekto sa paglago or growth and development ng isang tao at katulad nga ng isang kasabihan na "No man is an island." Ang bawat isa sa atin ay nangangailangan ng makakasama upang patuloy na lumago at magtagumpay sa buhay. Hindi mo kayang mag-isa.

**ENLIGHTEN:**

**Mayroong apat na pagtitipon ay kailangan natin para sa ating paglago sa ating relasyon sa Diyos.**

1. **Devotion**



   a. Ano ba ang devotion? Ang devotion ay nangangahulugan ding pag-ibig o katapatan. Ito ang paglalaan mo ng iyong puso, isip, oras at lakas para sa isang tao o maaarin ring isang adbokasiya.
   b. Ang devotion ay ang iyong araw-araw na pakikipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita at pananalangin. Hindi ba't tulad ng dalawang tao na nais na mas makilala ang isa't isa ay naglalaan ng oras upang laging makapag-usap at magkasama, gayundin naman sa paglalim ng ating relasyon sa Diyos at upang mas makilala pa natin Siya ay nararapat lamang na maglaan tayo ng oras na makausap Siya at mabasa ang Kanyang Salita (John 1:1).
   c. Ayon sa Josue 1:8-9, Huwag mong kaliligtaang basahin ang aklat ng kautusan. Pagbulay-bulayan mo iyon araw at gabi upang matupad mo ang lahat ng nakasaad doon. Sa ganoon, magiging masagana at matagumpay ang iyong pamumuhay. Tandaan mo ang bilin ko: Magpakatatag ka at lakasan mo ang iyong loob. Huwag kang matatakot o mawawalan ng pag-asa sapagkat akong si Yahweh, na iyong Diyos, ay kasama mo saan ka man magpunta.
   d. Maaari kang maghanda ng isang notebook upang isulat rito ang mga revelations or pagpapahayag ng Diyos sa iyo mula sa Kanyang mga Salita.
2. **Cell Group**
   a. Ang cell group isang mallit na grupo na binubuo ng 3 o higit pang miyembro na nagkikita at nagsasama-sama isang beses sa isang linggo, anumang araw ang napagkasunduan ng grupo maliban sa araw ng Linggo, upang mag-aral ng Salita ng Diyos, magpalakasan sa pamamagitan ng encouragement sa isa't isa, mag-share ng mga pinagdaanan masaya man o hindi, at manalangin para sa isa't isa.




   b. Kailangan natin ng mga taong magiging accountable sa atin na magtutuon ng kanilang oras upang tulungan tayong maging "best version of ourselves".
   c. Ang isang halaman ay lalago at magbubunga kung ito ay maitatanim sa tamang environment. Ang halamang napapaligiran ng mga damo ay mahihirapang lumago. Gayundin naman sa ating mga nagsisimula sa relasyon sa Diyos, kailangan natin ng tamang environment para sa ating matagumpay na paglago at ang environment na ito ay ang cell group.
3. **Sunday Cell Celebration o Sunday Worship Service**



   a. May dalawang uri ng maramihang pagtitipon. Ang mas maliit ay ang cell group at ang mas malaki naman ay ang Sunday Cell Celebration o Sunday Worship Service. Sa pagtitipong ito nagsasama-sama ang lahat ng mga cell groups sa loob ng church building upang magpuri, sumamba, at makinig ng Salita ng Diyos na ipinapahayag ng church Pastor bilang isang malaking spiritual family.
   b. Mga Gawa 2:42, Inilaan nila ang kanilang mga sarili upang matuto sa turo ng mga apostol, magsama-sama bilang magkakapatid, magsalu-salo sa pagkain ng tinapay, at manalangin.

**4. AOLI o Alpha Omega Learning Institute (TANIM-SIBOL-LAGO-BUNGA)**

a. Kakailanganin mo rin na maging bihasa na gawin ang mga bagay ng ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos. Ang Alpha Omega Learning Institute ang maaaring magbigay ng trainings na makakatulong sa ating growth and development, kung saan matututunan nating mailabas ang potential na ibinigay ng Diyos sa atin upang magkaroon ng impact sa buhay ng ibang tao.



b. Ang mga narinig mo sa akin sa harap ng maraming saksi ay ipagkatiwala mo rin sa mga taong may katapatan at may kakayahang magturo naman sa iba. (2 Timothy 2:2)

c. Ang AOLI ay nagpo-provide ng series of trainings kung saan matuturuan tayo hindi lamang ng mga ispirituwal na bagay kundi maging ng mga praktikal din.

d. Maging excited sa bawat trainings kung saan tayo ay mapagkakatiwalaan ng mga katotohanan na nais ng Diyos na ating marinig, matanggap, at mai-apply sa ating buhay.

**ENACT:**

2. Magkaroon ng lifestyle check at tukuyin kung alin sa apat na pinakadakilang pagtitipon ang wala ka pa sa lifestyle mo ngayon. Anu-ano ang mga natukoy mo?___________________________________
3. Paano ka maglalaan ng panahon para makapag-commit sa lifestyle na ito? ____________________________________________________

PRAYER:

*Maraming salamat Jesus sa pagtawag mo sa akin. Bigyan Mo po ako ng karunungan na pangalagaan at bantayan ang aking relasyon sa Iyo at sa aking spiritual family. Tulungan mo po akong magtalaga ng oras sa araw –araw na personal devotion, sa cell group. Sunday Worship Service, at sa AOLI Trainings upang maging ako ang nais mong maging ako. Sa pangalan ni Jesus. Amen!*





## BINHI 6: DEVOTIONAL LIFE

**“**Subalit inutusan ko silang sumunod sa akin upang sila'y maging aking bayan at ako naman ang kanilang magiging Diyos. Sinabi kong mamuhay sila ayon sa ipinag-uutos ko, at magiging maayos ang kanilang buhay.” (Jeremiah 7:23)

Nais ng Diyos na maging bahagi ng ating pangaraw-araw na buhay. Hinahangad Niyang ipakita ang Kanyang pag-ibig sa atin sa espesyal na paraan. Bilang isang Kristiyano at taga-sunod ni Jesus, kinakailangan nating magkaroon ng quality time araw-araw kasama ang Panginoon. Ang devotion ay hindi natatapos sa pagsulat sa ating devotional notebook. Nais ng Diyos na magkaroon tayo ng “undying devotion” – isang uri ng devotion na hindi limitado sa isang oras o araw ng ating buhay ngunit isang pangaraw-araw ng lifestyle, isang devotion na higit pa sa oras, lugar, o sitwasyon ng buhay. (Joshua 1:8)

**ENGAGE:**

BIBLE TRIVIA:



✓ Mahigit isang milyong kopya ng Biblia ang naibebenta sa loob isang taon.

✓ Ang salitang “Bible” ay nagmula sa salitang griyego na “ta biblia”, na ang nangangahulugang “mga aklat”. Ang Biblia ay binubuo ng 66 na mga aklat na pinagsama-sama.

✓ Ang unang limang aklat sa Lumang Tipan ay tinatawag na Pentateuch. Ito ay Genesis, Exodus, Leviticus, Deuteronomy, at Numbers. Ngunit ang pinaniniwalaang unang aklat na naisulat ay ang aklat ng Job.

1. Sa tingin mo, ano ang benepisyo ng pagkakasulat ng mga aklat sa Biblia sa panahon natin ngayon?____________________________________

**ENLIGHTEN:**

1. **Ano ang Layunin ng Devotion?**
   a. Ginagawa natin ang devotion upang magkaroon ng intimate relationship sa Diyos. Nais ng Ama ang ating araw araw na pagsamba at natutuwa rin siya kapag nagbibigay tayo ng oras sa pagninilay ng Kaniyang Salita. Gusto Nya na mas makilala pa natin Siya. Sa patuloy na pagkilala natin sa Kanya sa mga aralin ng buhay na ito, mas lalo tayo nitong tutulungang mahasa at nagbibigay-daan na tayo'y maging tulad Niya.
2. **Paano Maghahanda Para sa Devotion?**
   a. Mag-set ng oras at maging consistent dito. Iminumungkahi na gawin ito sa umaga bago magsimula sa lahat ng gagawin at sa gabi bago matulog. (Joshua 1:8)
   b. Sa pagbabasa ng Bible, lumayo mula sa lahat ng mga maaaring maging hadlang o panggulo (e.g. computer, cellphone, T.V., etc.)
   c. Makinig sa Diyos habang nangungusap Siya sayo sa pamamagitan ng Kanyang Salita sa Biblia.
   d. Humingi ng gabay sa Holy Spirit at maging handa na sundin ang Kanyang sinabi sa Kanyang Salita. Sabi sa John 2:5, "Sinabi ng kanyang ina sa mga naglilingkod, "Gawin ninyo ang anumang sabihin niya sa inyo."
   e. Lumapit sa Kanya nang may mababang puso and nakikinig na mga tenga.
   Awit 51:17, ang handog ko, O Diyos, na karapat-dapat ay ang pakumbaba't pusong mapagtapat.
3. **Ano ang Isusulat sa Devotional Notebook?**
   a. Upang makumpleto ang pagsisimula mo sa iyong devotion, una sa lahat kailangan mong magkaroon ng sariling Biblia. Pumili ng salin o translation na mas madali mong mauunawaan. Magkaroon ng notebook at ballpen para sa pagsusulat ng mga kapahayagan o revelation ng Diyos mula sa Kaniyang mga Salita.
   b. Matapos magbasa na isang kapitulo/chapter o isang teksto sa Biblia, maaaring isulat ang teksto o chapter na iyong binasa. Maaari mo ring isulat ang bagay na natutunan tungkol kay Jesus o ang mensahe na Diyos na ibigay Niya sa iyo sa tekstong iyong binasa at kung paano mo ito mai-aapply sa iyong buhay. Maaari mo rin isulat ang iyong panalangin. Tandaan, hindi limitado sa mga puntos na ito ang maaari mong isulat sa iyong devotional notebook. Maaari mong isulat ang anumang nais mo dahil personal mo itong devotion.

**ENACT:**

1. Maaari mo nang simulan sa araw na ito ang paggawa ng devotion. Iminumungkahi na magsimula sa aklat ng Juan na matatagpuan sa Bagong Tipan. Gawing challenge din para sa iyong sarili na kabisaduhin ang pagkakasunud-sunod ng mga aklat sa Biblia.
2. Anong oras ang napili mong ilaan para sa paggawa ng devotion?

____________________________________________________________

PRAYER:

*Lord, salamat po sa pagbibigay mo ng Iyong Salita upang aking maging gabay sa araw-araw and upang pangalagaan ang aking spiritual life. Nagagalak po ako sa Inyong pamamaraan; tulungan mo akong mamuhay ayon sa sinasabi ng Iyong Salita bilang final authority sa buhay ko. Bigyan mo rin ako ng karunungan at kakayanan na maunawaan ang Iyong mga Salita gayundin naman po ng pusong handing magpatuwid at tengang handing makinig at sumunod sa Iyong nais. Sa pangalan ni Jesus. Amen!*

## BINHI 7: PANANALANGIN

Ang pananalangin ay komunikasyon at pakikipag-isa natin sa Diyos. Ito ang pinakamalapit, at pinaka-intimate na sandali natin kasama ang ating Manlilikha na maaari tayong magkaroon. Sa panalangin, ang lalim ng ating espiritu ay nakikipag-isa sa lalim ng espiritu ng Diyos. Ito ang pagkakataon nating sabihin ang nilalaman ng ating mga puso at isipan. Nagpapahayag din ang Diyos sa ating panalangin ng Kanyang mga instructions, paggabay, at ng pasanin o burden na manalangin para sa isang tiyak na bagay. Nilikha ng Diyos ang tao upang magkaroon ng fellowship sa Kanya at ang araw-araw na pananalangin ay mahalaga sa relasyon na ito.

### ENGAGE:

1. Tingnan at basahin ang nakasulat sa kanan. Sumasang-ayon ka ba sa sinasabi nito? Bakit?
   ___________________________________
2. Ayon sa nakasulat sa pangalawang larawan, paano nakakasira ng relasyon ang poor communication? _______________________







### ENLIGHTEN:

1. **Kailan Dapat Manalangin?**
   **a.** Romans 12:12, Magalak kayo dahil sa inyong pag-asa, magtiyaga kayo sa inyong kapighatian at **palaging manalangin.**
   b. 1 Thessalonians 5:17, **palagi kayong manalangin**.
   c. Colossians 1:3, **Tuwing ipinapanalangin namin kayo, lagi** kaming nagpapasalamat sa Diyos na Ama[a] ng ating Panginoong Jesu-Cristo.
   d. Walang takdang oras na nakasaad sa Biblia kung anong oras ka "dapat" manalangin, ngunit sinasabi nang Biblia na manalanging palagi. Nangangahulugan ito na anumang oras sa bawat araw ay maaari tayong lumapit at manalangin sa Ama sa pangalan ni Jesus sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.
2. **Sino ang Dapat Ipanalangin?**
   a. **Ipanalangin ang lahat ng tao** - Una sa lahat, ipinapakiusap kong idulog ninyo sa Diyos ang inyong mga kahilingan, panalangin, pagsamo, at pasasalamat para sa lahat ng tao. (1 Timothy 2:1) Kasama rito ang iyong sarili, pamilya, kaibigan, kamag-anak, kasama sa simbahan, mga awtoridad o mga tao sa gobyerno, mga taong kilala mo man o hindi, at maging ang iyong kaaway.
   b. **Ipanalangin ang iyong kaaway** - Ngunit ito naman ang sinasabi ko, ibigin ninyo ang inyong mga kaaway at ipanalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo. (Mateo 5:44)



3. **Saan Mananalangin?**
   a. Mateo 6:6, Ngunit kapag mananalangin ka, pumasok ka sa iyong silid at isara mo ang pinto. Saka ka manalangin sa iyong Ama na hindi mo nakikita, at ang iyong Ama na nakakakita ng ginagawa mo nang lihim ang siyang magbibigay sa iyo ng gantimpala.
   b. Mark 1:35, Madaling-araw pa'y bumangon na si Jesus at nagpunta sa isang lugar na walang tao at doon ay nanalangin siya.
   c. Sinasabi ng Panginoon na tayo ay palaging manalangin. Sinasabi rin na kapag tayo'y nanalangin ay pumasok tayo sa ating. Nangangahulugan ba ito na sa loob lang ng silid dapat manalangin? Paano kung walang silid? Paano kung wala ka sa iyong bahay ngunit nais mong manalangin? Binibigyan linaw ngayon na ang kahulugan ng mga verses na ito ay kapag nanalangin tayo, siguraduhin nating tayo ay hindi madidistract

o maaabala ngunit kahit saan at kahit kailan ay maaari tayong manalangin.

d. Mayroon ding tinatawag na corporate prayer kung saan maraming tao ang magkakasama at nagkakaisang manalangin. Tulad ng isang pangyayari sa Acts 12 kung saan ang mga mananampalataya ay sama-sama sa isang bahay na nanalangin para kay Pedro.

**4. Ano ang Dapat Ipanalangin?**

a. Filipos 4:6, Huwag kayong mabalisa tungkol sa **anumang bagay**. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat.

b. Malinaw na sinasabi ng Salita ng Diyos anumang bagay ay maaari nating hilingin sa Diyos. Hindi tayo dapat malimitahan sa ating pananalangin. At ang mga bagay na ito ay ipagkakaloob sa atin ayon sa kanyang kalooban. (Filipos 4:19)

c. Mateo 21:22, "**Anumang hingin ninyo** sa panalangin ay tatanggapin ninyo kung naniniwala kayo."

**5. Paano Manalangin?**

a. Mayroong pattern na ibinigay si Jesus tungkol sa panalangin. Ito ay pattern lamang na ating maaaring tularan at hindi nangangahulugang ganito lamang ang mga salitang dapat na sabihin. Makikita ito sa Mateo 6:9-13. Nagsisimula ito sa pagsamba sa Ama, paghiling para sa pangangailangan, paghingi ng tawad sa mga kasalanan, at paghingi ng proteksyon mula sa mga tukso at kasamaan.

b. Manalangin ng pananampalataya. Santiago 1:6, Subalit ang humihingi ay dapat magtiwala sa Diyos at huwag mag-alinlangan, sapagkat ang nag-aalinlangan ay parang alon sa dagat na itinataboy ng hangin kahit saan.

**ENACT:**

1. Sa iyong pang-araw-araw na buhay, ilang oras ang ilalaan mo para sa panalangin? ____________________________________________

2. Paano po haharapin ang mga distractions/abala sa iyong panalangin sa Panginoon? ____________________________________________

PRAYER:

*Dear Lord, salamat po sa Iyong presensya na nagbibigay sa akin ng lakas at nagbibigay-daan para magawa ko ang lahat ng bagay para sa iyong kaluwalhatian. Tulungan mo akong bumuo ng buhay panalangin at lumago sa aking pananampalataya sa pamamagitan ng proseso ng patuloy ng paghanap sa Iyo sa araw-araw. Tulungan mo akong ipanalangin ang lahat ng tao maging ang aking kaaway. Patuloy ka pong mangusap sa akin maging sa aking panalangin. In Jesus' Name. Amen!*

## BINHI 8: PAGPAPATOTOO

Narinig mo ang patungkol kay Jesus dahil may isang nagsabi sayo tungkol Kanya. Ngayon, mayroon kang pribilehiyo na ibahagi sa iba ang magandang balita na ito. Hindi ba't mas magandang ikalat ang mabuting balita? Bilang mga tagasunod ni Jesus Christ, tayo rin ay gagamitin ng Diyos para makilala rin ng iba si Jesus at ang buhay na inihahandog Nya.

Hindi ko ikinahihiya ang Magandang Balita, sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat sumasampalataya, una'y sa mga Judio at gayundin sa mga Griego. (Roma 1:16)

**ENGAGE:**




*Scenario Analysis:* Halimbawa ay may dalawang sales men na mag-oofer sayo ng kanilang produkto, kanino ka bibili - sa isa na ang alam sa produkto ay ang lahat ng detalyeng makikita sa pakete nito o yung isang nakasubok na at napatunayan ang bisa nito? Bakit?


______________________________________________________________

**ENLIGHTEN:**

1. **Binigyan Tayo ng Dakilang Misyon!**
   a. Binigyan tayo ng isang kamangha-manghang gawain na tinatawag na "Ang Dakilang Komisyon" na ibinigay ni Jesus sa lahat ng mga sumusunod sa Kanya bago Niya nilisan ang mundo at pumunta sa langit. Sinabi nga sa Mateo 28:19-20, "Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. 20 Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon."
   b. Tayo ay binigyan ng pagkakataon na maging pagpapala sa ibang tao, ngunit higit sa lahat ay sa ating pamilya. Sila rin ay kailangang marinig ang tungkol kay Jesus. Malaman rin nila ang pag-ibig ng Diyos para sa kanila at sila rin mismo ay magkaroon ng relasyon sa Diyos katulad mo.
2. **Paano Magagawa ang Dakilang Komisyon?**
   a. **I-share mo ang iyong kwento.**
   Naalala mo pa ang buhay na walang Kristo, at ang makaranas ng kaligtasan mula sa iyong lumang buhay ang maaaring magpaalab sa iyo ng kagustuhang i-share si Jesus sa ibang tao.
   b. **Mag-build ng connection sa isang tao.**



   Kapag nag-alab na ang pagnanais mong i-share si Jesus sa iba, simulan mo sa paghanap ng isang taong gusto mong bahaginan ng mabuting balita. Magbuild ka ng connection sa kanya. Kaibiganin, kilalanin, at ipanalangin mo siya. Ipanalangin rin sa Diyos na magkaroon ka ng pagkakataon na i-share sa taong iyon ang ginawa ni Jesus sa buhay mo. Ang pinakamabisang paraan ay ang ibahagi moa ng sarili mong kwento kung paano binago ni Jesus ang buhay mo. Maaari kang maghanda ng isang short version ng kwento ng iyong pananalampataya. Simple lang, sino o ano ka dati at sino o ano ka na matapos mong makilala si Jesus at magkaroon ng relasyon sa Kanya. I-kwento mo kung paanong isinulat muli ng Panginoon ang buhay mo nang naaayon na ngayon sa plano Niya.
   c. **Patanggapin at Ipanalangin.** Habang nagbabahagi ka, ang Diyos ay kikilos sa puso ng tao. Maaari mo siyang tanungin kung naiintindihan niya at kung nais niyang tanggapin ang kaligtasan na regalo ng Diyos.



Kung handa na sya para sa decision na tanggapin si Jesus, pangunahan siya sa panalangin ng pagtanggap. Maaaring sundan ang halimbawang ito:

*"Dear Jesus, salamat sap ag-ibig Mo na ipinakita Mo noong namatay ka sa Krus para bayaran ang aking mga kasalanan. Patawarin mo po ako, pumasok ka sa puso ko, maging Panginoon ka ng aking buhay at tulungan mo po akong mabuhay para sa Iyo magmula ngayon. In Jesus' Name. Amen!"*

*d.* **Imbitahin** ang taong ito na bagong tumanggap sa Panginoon sa mga pagtitipon upang patuloy siyang lumago sa pananampalataya at sa relasyon niya sa Diyos.

**ENACT:**

1. Mag-isip ng mga tao na nais mong bahaginan ng Mabuting Balita. Ilista moa ng kanilang mga pangalan at simulang ipanalangin sila.

_______________________________________________________________

2. Tulungan, i-serve, i-bless, at gawan mo ng mabubuting bagay ang mga taong ito at maging handa sa pagkakataon na ibibigay ng Diyos sa Iyo para ibahagi ang ginawa Niya sa buhay mo.

_______________________________________________________________

PRAYER:

*Dear God, salamat sa regalo ng kaligtasan at sa pribilehiyo na makatulong sa ibang tao na makilala Ka nila. Ipakita mo sa akin ang mga oportunidad para makatulong, makapag-bless, at makapaglingkod sa mga taong ito. Ngayon pa lamang ay buksan Mo na po ang kanilang puso na tanggapin Ka bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas. Sa kapangyarihan ng Iyong Espiritu, tinatanggap ko na ang katagumpayan sa buhay ng mga taong ito. In Jesus' Name, Amen!*



## BINHI 9: PAGSUNOD

Naniniwala ka ba na isa sa mga mahirap gawin ay ang sumunod? Kahit na may nakalagay na "Bawal Tumawid" may tatawid pa din. Nakalagay na ang "Bawal Magtapon ng Basura Dito" pero doon pa mismo nakatambak ang nilalangaw na basura. "No cheating" pero talamak pa rin ang kopyahan. Ginawa ang mga batas at ordinansa para magkaroon ng "peace and order" pero kahit ang mga ito ay hindi nasusunod na syang nagreresulta sa kaguluhan.

Mayroon talagang struggle ang tao sa pagsunod noon pa mang unang panahon. Alam mo ba nung panahon ng mga unang tao na nilikha ng Diyos na sila Adan at Eva, may malinaw na utos na binigay ang Diyos sa kanila "Makakain mo ang alinmang bungangkahoy sa halamanan, maliban sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Huwag na huwag mong kakainin ang bungang iyon, sapagkat sa araw na kainin mo iyon ay mamamatay ka." (Genesis 2:16-17) Pero kalaunan, sinuway pa rin nina Adan at Eva ang utos na ito.

**ENGAGE:**



Magsaliksik tungkol sa *Standford Marshmallow Test*. Sa loob ng ilang taon, ano ang nangyari sa mga batang hindi sumunod sa iniuutos? ________________________________

Ano naman ang nangyari sa mga batang sumunod sa iniutos?

_______________________________________________________________

Ano ang sinasabi nito sa iyo tungkol sa pagsunod? ________________________

_______________________________________________________________

**ENLIGHTEN:**

1. **May Labanan sa Pagitan ng Espiritu at Laman**
    a. Mayroong tahimik na laban sa pagitan ng laman (pansariling kagustuhan) at espiritu. Ang laman ay may posibilidad na mahulog sa patibong ng kaaway. Sabi sa Galatians 5:19-21, Hindi maikakaila ang mga gawa ng laman: pakikiapid, kahalayan at kalaswaan; pagsamba sa diyus-diyosan, pangkukulam, pagkapoot, pag-aaway-away, pagseselos, pagkakagalit at kasakiman, pagkakampi-kampi at pagkakabaha-bahagi, pagkainggit, pagpatay, paglalasing, walang habas na pagsasaya, at iba pang katulad nito. Muli ko kayong binabalaan: ang gumagawa ng mga ito ay hindi magkakaroon ng bahagi sa kaharian ng Diyos.
2. **Maaari Tayong Tulungan ng Kanyang Espiritu**
    a. Lucas 11:13, ….Ibibigay niya ang Banal na Espiritu sa mga humihingi sa Kanya
    b. Galatians 5:22-23, Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kabaitan, kabutihan, katapatan, 23 kahinahunan, at pagpipigil sa sarili. Walang batas laban sa mga ganito.
    c. Ang buhay natin au umiikot sa pagsunod at hindi pagsunod. Anumang uri ng pagsuway ay mapagtatagumpayan sa pamamagitan ng lakas ng ating pagsunod sa Panginoon sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu
3. **Ang Pagsunod ay Bunga ng Pag-ibig**
    a. John 14:15, "Kung iniibig ninyo ako, tutuparin[a] ninyo ang aking mga utos."
    b. Balikan natin ang kwento sa hardin ng Eden kung saan may inilagay ang Diyos na isang puno na ipinagbawal Niyang kainin ang bunga pero kalaunan ay sumuway sina Adan at Eva at kinain ito. Naisip mo ba na "Bakit kaya naglagay pa ng ganung puno ang Diyos sa hardin? Eh 'di sana hindi na nagkasala si Adan at Eva. Hindi sana sila napalayas sa Hardin ng Eden at hindi na din sana nagkasala ang tao."



    c. Hindi nais ng Diyos na mahalin natin siya na parang robot. Nais ng Diyos na mahalin natin Siya sa sarili nating pasya at kagustuhan. Sabi nga, "if there is no choice, there is no love." At kung mahal mo ang Diyos, pipiliin mong sumunod sa Kanya gaya din ng sinabi sa John 14:15
4. **Sumunod Kahit Hindi mo Naiitindihan**
    **a.** Ang kwento ni Noe ay isang magandang halimbawa. Pinagawa siya ng Diyos ng malaking arko. Maraming mga tao ang di naniwala sa kanya. Pero sa kabila ng lahat, sumunod pa rin siya.



    **b.** Maraming mga katotohanan sa Biblia na itinuro si Jesus na tila bilang isang tao ay mahirap sundin. Gaya na lamang ng "Mahalin mo ang iyong kaaway" (Mateo 5:44). Sabi rin sa Luke 6:29, "Kapag sinampal ka sa isang pisngi, iharap mo rin ang kabila. Kapag may gustong kumuha ng balabal mo, ibigay mo. At kung pati ang damit mo ay kinukuha niya, ibigay mo na rin."
    **c.** 1 Samuel 15:22, Sinabi ni Samuel, "Akala mo ba'y higit na magugustuhan ni Yahweh ang handog at hain kaysa ang pagsunod sa kanya? Mas mabuti ang pagsunod kay Yahweh kaysa paghahandog, at ang pakikinig ay higit sa haing taba ng tupa.
    **d.** Nagbibigay rin ang Diyos ng kanyang mga instructions sa pamamagitan ng ating mga magulang, guro, amo, lider sa iglesia, Pastor, at sa mga awtoridad.

**ENACT:**

1. Anu-anong mga bagay ang isusuko mo na at ipapaubaya mo na sa kalooban ng Diyos?

_______________________________________________________________

2. Anu-anong bahagi ng buhay mo o sitwasyon ang nagkakaroon ng pagtatalo sa pagitan ng laman at espiritu o kaya naman ay nahihirapan kang sumunod?

_______________________________________________________________

PRAYER:

*Isunusuko ko ang buhay ko sa Iyo, Lord, at kinikilala ko ang Iyong Salita bilang final authority sa buhay ko. Bigyan Mo po ako ng puso na handang magpasakop sa iyong mga plano at sumunod sa mga lider sa iglesia, mga magulang, guro/amo, at sa lahat ng awtoridad. Tulungan mo po akong sumunod sa Iyo kahit minsan ay hindi ko naiintindihan ang pinapagawa mo at dagdagan mo po ang aking pananampalataya na magtiwala sa kalooban Mo. In Jesus' Name. Amen!*





## BINHI 10: ANG SIMBAHAN

"Tara na sa church!" Madalas mo rin bang naririnig ito? Maraming pakahulugan sa "church". Tipikal na maiisip mo pag narinig mo ang salitang ito ay ang gusali o building kung saan nagsasama-sama ang mga mananampalataya para sumamba sa Diyos. Ngunit hindi lamang ito isang gusali, ito ay lugar kung saan ka "belong". Ito din ay lugar na dinisenyo para sa kalaguang espirituwal, inspirasyon, at fulfillment. Ito ay lugar ng "focused worship" kung saan tayo maaaring maghandog at parangalan ang Diyos sa pamamagitan ng pag-awit, pagbibigay, at pakikinig ng Salita ng Diyos.

Hindi lamang ito, ang iglesia/church din ay ang "spiritual family" o ang mga taong sumasampalataya sa Diyos kung saan nananahan ang Kanyang presensya. Ikaw, ako, tayo, we are the church.

**ENGAGE:**



Nakapagpabaga ka na ba ng uling? Ano ang napansin mo sakaling inihiwalay mo ang isang piraso ng uling mula sa grupo ng mga nagbabagang uling?

_______________________________________________

Ano sa palagay mo ang analohiya nito tungkol sa isang taong inihihiwalay ang sarili mula sa iba? Ano ang maaaring mangyayari sa kanya?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

**ENLIGHTEN:**

1. **Mga Benepisyo ng Pagiging Kabilang sa Isang Church**
    a. In-encourage tayo ni Paul sa Hebrews 10:24-25 na huwag daw nating kaliligtaan ang pagdalo sa mga pagtitipon subalit **palakasin ang isa't isa.**
    b. Kung paanong ang uling ay patuloy na magbabaga kapag magkakasama, kailangan rin natin ng mga taong makakasama para **patuloy na umalab** tayo sa ating pananampalataya, pagsunod, at relasyon sa Diyos.
    c. Ang church ay **tumutulong sa atin para lumago** at patuloy na makaranas ng binagong buhay. Makakatulong rin itong **maging katulad tayo ni Cristo** at magkaroon ng ganap at lubos na pag-ibig para sa mga hindi nakaranas ng pag-ibig.
    d. Tinuturuan din tayo ng kahalagahan ng "servanthood". Sabi nga sa Biblia, "Hindi ganyan ang dapat umiral sa inyo. Sa halip, kung nais ninyong maging dakila, dapat kayong maging lingkod sa iba". (Mateo 20:26)
2. **Ang Church ay isang "Worshipping Community"**
    a. Romans 12:1-2, "Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa masaganang habag ng Diyos sa atin, ako'y nakikiusap sa inyo na ialay ninyo ang inyong sarili bilang isang handog na buháy, banal at kalugud-lugod sa Diyos. Ito ang karapat-dapat na pagsamba[a] ninyo sa Diyos. 2 Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos."
    b. Hinikayat ni Paul ang church (mananampalataya) na ihandog ang kanilang mga sarili bilang karapat-dapat na pagsamba sa Diyos.
    c. Awit 133:1, Napakaligaya at kahanga-hanga sa ating pangmasid, ang nagkakaisa't laging sama-sama na magkakapatid!
3. **Ang Church ay isang "Serving Community"**



    a. Ito ang pagkakataon kung saan ang ating pagkakaiba-iba ay nagagamit para i-serve ang isa't isa. Tinawag tayo para i-serve ang isa't isa gamit ang mga regalong espirituwal na ibinigay sa atin ng Diyos.
    b. Romans 12:6-8, Tumanggap tayo ng iba't ibang kaloob ayon sa kagandahang-loob ng Diyos, kaya't gamitin natin ang mga kaloob na iyan. Kung ang ating kaloob ay pagsasalita ng pahayag mula sa Diyos, magpahayag tayo ayon sa sukat ng ating pananampalataya. Kung paglilingkod ang ating kaloob, maglingkod tayo. Magturo ang tumanggap ng kaloob sa pagtuturo. Magpalakas ng loob ang may kaloob sa pagpapalakas ng loob. Kung pagbibigay ang inyong kaloob, magbigay kayo nang buong puso; kung pamumuno naman, mamuno kayo nang buong sikap. Kung pagkakawanggawa ang inyong kaloob, gawin ninyo iyan nang buong galak.
    c. Binanggit ni Paul ang mga spiritual gifts at kung mapapansin mo, magkakaiba ito. At yung ang point. Ang bawat isa ay mayroong unique na katangian at kakayanan na magagamit natin una, para maglingkod sa Diyos, at pangalawa ay sa isa't isa.
    d. Tulad ng isang katawan na may iba't ibang bahagi at gamit ngunit parte pa rin ng iisang katawan, tayo rin ay may pagkakaiba sa maraming bagay ngunit bahagi ng iisang katawan ni Cristo, ng iisang iglesia.
4. **Ang Church ay isang "Loving Community"**



    a. Binuod at tinapos ni Paul ang Romans 12 sa listahan ng mga praktikal na bagay na ating gagawin sa araw-araw bilang tagasunod ni Jesus. Lahat ng ito nag-uugat sa pag-ibig.
    b. Romans 12:9-13, Maging tunay ang inyong pagmamahalan. Kasuklaman ninyo ang masama at pakaibigin ang

mabuti. Magmahalan kayo bilang magkakapatid at pahalagahan ninyo ang iba nang higit sa pagpapahalaga nila sa inyo. Magpakasipag kayo at huwag maging tamad. Buong puso kayong maglingkod sa Panginoon. Magalak kayo dahil sa inyong pag-asa, magtiyaga kayo sa inyong kapighatian at palaging manalangin.Tumulong kayo sa pangangailangan ng mga kapatid at patuluyin ninyo ang mga taga-ibang lugar.

5. **Mamuhay bilang bahagi ng pamilya.**
   a. Hindi ninanais ng Diyos na ang Kanyang mga anak ay maging mga "spiritual orphans". Kung paanong ang isang basketball player ay kabilang sa isang team at ang sundalo ay kabilang sa isang platoon, plano ng Diyos na ang Kanyang mga anak ay maging bahagi ng isang pamilya. Lahat tayo ay nangangailangan ng kabibilangan.

**ENACT:**

1. Sa iyong palagay, paano ka makakapag-serve sa ibang tao? Anong kaloob o talento ang maaari mong magamit upang magserve sa church? ______________________________________________
2. Makibahagi sa mga church activities and ministries upang patuloy na lumago. Saan mo nais na maging bahagi?_______________________

PRAYER:

*Lubos akong nagpapasalamat sa Iyo, Lord, sa paglalagay mo sa akin sa napakagandang spiritual family na tinatawag na church. Tulungan mo po ako na magtalaga sa pamilyang ito at makibahagi sa patuloy na paglago at sa pagiging katulad ni Cristo. Gamitin mo po akong daluyan ng mga pagpapala, kalakasan, at inspirasyon. Tulungan mo rin akong gawin ang lahat ng bagay nang may pag-ibig. In Jesus' Name. Amen!*





# Binabati Kita!

*"Salamat sa iyong tiyaga at sikap na matapos nang matagumpay ang gawaing ito. Ipagpatuloy mo ang iyong magandang sinimulan! Ikaw ngayon ay handa na para sa* ***SIBOL LESSONS.*** *Binabati kita!"*



*Natitiyak kong ang mabuting gawang pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa Araw ni Jesu-Cristo. – Filipos 1:6*

## CAOCMI VISION:

*Reaching out nations, making disciples.*

## CAOCMI MISSION & CORE VALUES:

We are a…
***C**hrist-centered Church with*
***A**nointed Servants who are*
***O**bedient to the Word, forming*
***C**hrist-like Disciples, and working on*
***M**issionary Movements to*
***I**mpact this generation and the next.*

# Contact Us:

facebook.com/CAOCMI
cacominational@gmail.com
(+6346) 412 2450